Halong

SUD

Paano ko ba masasabi
Lahat ng aking pagsisisi?
Paano mo natiis
Lahat ng nagawa kong mali?

Nalimot na ba ang lahat?
Alam kong hindi 'to sapat
Mga salita na lang ang kakayanin
Kong ilatag sa'yo

Pasensya
Patawad
Paalam
Kung 'di na masabi ngayon
Babalik na lang sa kahapon

Pasensya
Patawad
Paalam
Sa nasirang pangako
At nasayang na araw
Naligaw ang sarili sa
Sigaw at mga ilaw

Sana malaman ko
Na nahanap mo
Ang ligaya na 'di ko kayang
Ibigay sa'yo

Pasensya
Patawad
Paalam
At kung hindi na masabi ngayon
Babalik na lang lahat sa kahapon

Pasensya
Patawad
Paalam...

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!